

Ayon sa World Health Organization, sampung milyong (10 M) katao ang namamatay dahil sa respiratory diseases bawat taon na dulot ng indoor air pollution na mula sa mga usok ng kalan. Maliban pa ito sa pagkasira ng mga kagubatan na nagdudulot ng mga pagbaha at karagdagan sa epekto ng global warming.

Bilang isa sa mga solusyon, ang kalan na ito ay binuo at napatunayang may napakababang emissions. Ito ay makapagliligtas ng malalaking punongkahoy kung ihahambing sa paggamit ng uling sa mga karaniwang mga kalan. Maliban dito, kung titipunin ang uling matapos magluto, ito ay makatutulong upang makapagbawas ng carbon emissions. Magagamit ito bilang water filter at mapapalusog nito ang mga hardin.




Tuwing matapos magluto, ugaliing isilid ang natirang uling sa kaldero at takpang mabuti at hintaying lumamig.



Maari itong magamit para sa barbeque, water filter o bilang, **biochar**, isangmabisang sangkap ng compost para sa mga halaman.



shutterstock - 132422279



## Ang PapaBrick Stove

(Patung-patong Brick Stove)

- Ito ay yari sa **firebricks** bilang napakahusay na insulator na hindi mababasag sa init. Dahil dito, mabisang nasusunog ang usok at agiw **kahit walang blower**.
- Maaaring magamit para sa iba't-ibang uri ng gatong tulad ng **uling, bao, briquettes, pellets, shells, kahoy, bao at palapa ng niyog**.
- Sa kalan na ito, ang isang pamilya ng anim na kasapi ay gagastos ng **hindi hihigit sa Php 10 para sa gatong araw araw**.
- Ang gastos sa pagbili ng kalan na ito ay kaagad na **mababawi sa loob ng 47 araw**.



Joshua (Jed) B. Guinto  
Cleofe Ecology Subdivision  
Daet, Camarines Norte 4600  
Philippines

Phone: 0998 545 5765 or  
0923 461 0548

Email:  
jed.building.bridges@gmail.com

## Ang PapaBrick Stove

Tagsibol Development Innovations




Home Kitchen Model  
**Php 945.00**

Tagsibol Development Innovations

Technology from the Earth, with the People  
to the Future

# Ang PapaBrick Stove

Ang kalan na ito ay yari sa **dalipay** (malagkit na putik) sa isang natatanging timpla upang maging mabisang *insulator*. Katulad ng Lego Toys, ito ay mula sa magkakahiwalay na pirasong fire bricks at nabubuo kapag pinagpatong patong. Para sa karagdagang tibay, ito ay ipinaloob sa




Ang Brick Gasifier Stove ay yari sa fire bricks na magagamitan ng sari-saring gatong.

metal na timba. Maaari itong gatungan ng kahoy, palapa ng niyog, bao, wood chips, fuel pellets, briquettes, uling at higit sa lahat ay basyo ng pili (pili shells).

Ang 1 1/4 kilong pili shells ay napatunayang magliliyab nang napakalinis sa loob ng humigit kumulang 75 na minuto. Ang isang kilong kahoy ay aapoy sa kalahating




## Mga Bahagi ng PapaBrick Stove



### Paano Ito Gamitin?


1. Para sa mga basyo ng pili at mga kahawig na gatong: Iuhos ito mula sa itaas. Tiyakin na ang mga gatong ay hindi lalampas sa level ng secondary air upang ang hangin ay hindi mabarahan.

2. Matapos maisalansan ang mga gatong, patungan ito ng maliliit pang gatong sa ibabaw at sindihan. Maingat na patakan ng kandila o mantika. Magsisimulang umapoy ang gatong sa proseso ng gasification. Gamitin ang firestarter kung mayroon.



Ang usok at agiw ay polusyon subalit ito ay napakalakas na gatong kung ganap na masusunog.

5. Para sa kahoy, kawayan, palapa at bao ng niyog: Iuhos mula sa ibabaw ang maliliit na gatong at pagkatapos ay ipatong ang pangsindi at sindihan mula sa ibabaw.



Isuksok mula sa gilid ang mga kahoy, bao, palapa o kawayan. Ang natipong uling sa loob na kalan ang siyang magsusunog sa anumang usok at agiw mula sa kahoy.

Ugaliing gamitin ang tapis (skirt). Ito ang metal cylinder na iniyayakap sa inyong kaldero upang ang apoy ay mabisang dumampi sa gilid ng kaldero.

6. Para sa tuloy-tuloy na pagluluto, Buksan ang side fuel port sa pamamagitan ng pagkayod ng takip na buhangin. Tipunin ito sa isang sisidlan para sa susunod na paggamit.

7. Maingat na isuksok ang karagdagang gatong sa side fuel port. Ingatang huwag itong isuksok nang labis upang hindi lumikha ng usok.

8. Matapos makapagluto, ihulog ang mga baga sa kaldero at takpang mabuti. Maari na itong magamit kapag lumamig na bilang soil conditioner o water filter. Sa pamamagitan din nito, maiiwasang magbuga ng nakalalasang carbon monoxide (CO) ang kalan.